Ano ang dapat mong malaman tungkol sa HEPATITIS A

ANO ANG HEPATITIS A?

Ang Hepatitis A ay isang lubhang nakakahawa na panandaliang impeksyon sa atay na dulot ng bayrus na hepatitis A. Ang Hepatitis A ay maaaring magdulot ng pamamaga ng atay at makakapekto sa kung paano gumagana ang atay.

MGA SENYALES AT MGA SINTOMAS

Lagnat

Mahinang ganang kumain

Pagkapagod

Jaundice (paninilaw ng balat at mata)

Maitim na ihi, maputlang dumi o pagtatae

Pagduduwal o pagsusuka

SINO ANG NANGANGANIB SA HEPATITIS A?

Ang sinumang hindi nabakunahan ay nasa panganib para sa hepatitis A. Ang mga taong may ilang partikular na kalagayan sa buhay o pag-uugali ay maaaring tumaas ang panganib ng impeksyon, kabilang ang:

- Internasyonal na mga manlalakbay
- Mga lalaking nakikipagtalik sa lalaki
- Mga taong gumagamit o nag-iiniksyon ng iligal na droga
- Mga taong may panganib sa pagkakalantad dahil sa kanilang trabaho
- Mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan

PAANO KUMAKALAT ANG HEPATITIS A?

- Ang bayrus na hepatitis A ay matatagpuan sa dumi o dugo ng mga taong nahawaan. Ang bayrus na hepatitis A ay kumakalat kapag ang isang tao ay nakakakuha ng kahit isang maliit na dami ng bayrus sa pamamagitan ng:
  - Malapit na pakikipag-ugnayan sa isang taong nahawahan ng hepatitis A
  - Ang pagkain o pag-inom ng pagkain o inumin na kontaminado ng hepatitis A

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IBA

MAGPABAKUNA
Kumuha ng dalawang dosis ng bakuna sa hepatitis A

IWASAN ANG PAGHAHANDA NG PAGKAIN KAPAG MAY SAKIT
Huwag magluto para sa iba o magbahagi ng pagkain kapag may sakit

MAGSANAY NG MABUTING KALINISAN SA KAMAY
Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig

NALANTAD KA NA BA?
Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang mga sintomas o nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa isang taong nahawaan ng hepatitis A

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

Para sa karagdagang impormasyon:
562.570.4302| longbeach.gov/HepA